# Lilipat ng tirahan pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo?

Nagbago na ang mga batas sa pagmamagulang sa *Batas sa Diborsyo*, na dating tungkol sa "kustodiya" at "karapatang bumisita." Gayunpaman, **hindi malalapat** ang mga pagbabagong ito hanggang sa Marso 1, 2021. Hangga't hindi sumasapit ang petsang iyon, nalalapat ang kasalukuyang batas.

Ang pahinang ito ay may impormasyon tungkol sa mga bagong batas na nalalapat sa mga paglipat ng tirahan pagkatapos ng Marso 1, 2021.

Ang bagong *Batas sa Diborsyo* ay may framework upang gabayan ang mga diborsyado o nagdidiborsyong magulang, propesyonal ng hustisya sa pamilya, at korte sa mga sitwasyon kapag nagpaplano ang magulang na

- ilipat ng tirahan ang kanyang anak **o**
- lumipat sa tirahang malayo sa kanyang anak

May mga panuntunan tungkol sa:

- mga bagong hakbang na dapat sundin kapag nagpaplano ang isang magulang na lumipat ng tirahan
- kung paano magpapasya ang korte kung maaari o hindi maaaring mag-relocate ang isang bata.

Ang mga panuntunang ito ay naglalayong tulungan ang mga magulang na magkasundo tungkol sa pag-relocate at iwasang pumunta sa korte kapag posible.

## Nasa pahinang ito

**Ano ang "pag-relocate"?**
**Kailan ninyo kailangang magbigay ng abiso tungkol sa planong lumipat ng tirahan**
**Kanino ninyo kailangang magbigay ng abiso**
**Ano ang kailangang isaad sa abiso**
**Mga pagbubukod sa abiso kung natatakot kayo para sa kaligtasan ninyo o ng inyong anak**
**Ano ang mangyayari pagkatapos ibigay ang abiso ng pag-relocate**
**Paano magpapasya ang korte kung maaari o hindi maaaring mag-relocate ang isang bata**
**Mga gastusin sa pagbiyahe upang tuparin ang oras para sa pagmamagulang**

**Tandaan: pagkatapos ng Marso 1, 2021, hindi na gagamitin sa *Batas sa Diborsyo* ang mga terminong “kustodiya” at “karapatang bumisita.” Kapag binabanggit sa fact sheet na ito (webpage) ang mga utos ng korte para sa “mga responsibilidad sa pagmamagulang,” kasama rito ang mga lumang utos para sa “kustodiya” at “karapatang bumisita” gayundin ang mga**

## Ano ang “pag-relocate”?

Hindi itinuturing na “pag-relocate” ang lahat ng paglipat ng tirahan. Ang *Batas sa Diborsyo* ay may iba’t ibang panuntunan depende kung ang paglipat ng tirahan ng isang taong may responsibilidad sa pagmamagulang o ng bata ay magkakaroon ng malaking epekto sa mga ugnayan ng bata.

Ang “**pag-relocate**” ay karaniwang nangangahulugang hindi na magiging mainam ang iskedyul ng oras para sa pagmamagulang para sa bata dahil sa paglipat ng tirahan. Halimbawa, karaniwang ituturing na pag-relocate ang paglipat ng tirahan ng isang magulang kasama ng kanyang anak sa Ontario mula sa Newfoundland. Ituturing ding pag-relocate ang paglipat ng tirahan ng isang magulang sa Ontario mula sa Newfoundland na palayo sa kanyang anak. Ito ay dahil sa distansya sa pagitan ng bagong bahay ng magulang at ng kasalukuyang bahay ng bata, at kung paano ito nakakaapekto sa iskedyul ng oras para sa pagmamagulang.

Mahalagang tingnan ang bawat sitwasyon at ang epekto sa bata. Kung minsan, maaari ding maging “pag-relocate” ang paglipat ng tirahan na may maikling distansya kung magkakaroon ng malaking epekto sa iskedyul ng pagmamagulang.

## Kailan ninyo kailangang magbigay ng abiso tungkol sa planong lumipat ng tirahan

Kung mayroon kayong utos ng korte sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo* para sa mga responsibilidad sa pagmamagulang, kailangan ninyong magbigay ng abiso ng inyong planong lumipat ng tirahan.

Kailangan ninyong magbigay ng abiso kung pinaplano ninyong lumipat ng tirahan kasama ang inyong anak o hindi kasama ang inyong anak.

## Kanino ninyo kailangang magbigay ng abiso

Kailangan ninyong magbigay ng abiso ng inyong planong lumipat ng tirahan sa:

- isang taong may mga responsibilidad sa pagmamagulang
- isang taong may pakikipag-ugnayan sa ilalim ng isang utos sa pakikipag-ugnayan

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagmamagulang at mga utos sa pakikipag-ugnayan, kumonsulta sa fact sheet na Mga kasunduan sa pagmamagulang pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo (Parenting arrangements after separation or divorce).

## Ano ang kailangang isaad sa abiso

### Paglipat ng tirahan na hindi pag-relocate

Kung ang paglipat ng tirahan ay hindi magkakaroon ng malaking epekto sa mga ugnayan ng bata sa mga taong tumatanggap ng abiso - halimbawa, para sa karamihan ng paglipat ng tirahan sa loob ng sarili ninyong bayan o lungsod - dapat ninyong ipaalam sa ibang tao:

- ang petsa ng paglipat ninyo ng tirahan
- ang inyong bagong address
- ang inyong bagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Ito ay para malaman ng ibang tao na may mga responsibilidad sa pagmamagulang o utos sa pakikipag-ugnayan kung saan nakatira ang bata, at kung saan susunduin at ihahatid ang bata.

**Tandaan: kung ang paglipat ng tirahan ay malamang na magkaroon ng malaking epekto sa iskedyul ng oras para sa pagmamagulang, isa itong pag-relocate, kaya dapat ninyong sundin ang mga panuntunan ng abiso para sa pag-relocate.**

### Paglipat ng tirahan na isang pag-relocate

Kung ang paglipat ng tirahan ay magkakaroon ng malaking epekto sa mga ugnayan ng bata sa mga taong tumatanggap ng abiso - halimbawa, hindi na magiging mainam ang iskedyul ng oras para sa pagmamagulang - isa itong "pag-relocate" at dapat ninyong sundin ang mga panuntunan sa pag-relocate sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*.

Kung pinaplano ninyong mag-relocate, dapat kayong:

- magbigay ng abiso nang hindi bababa sa 60 araw bago ang paglipat ng tirahan
- magbigay ng mga partikular na detalye tungkol sa paglipat ng tirahan. Makikita ninyo sa form na **Abiso ng Pag-relocate (Notice of Relocation)** (ilagay ang link para sa form kapag available) ang lahat ng impormasyong dapat ninyong isama sa inyong abiso. Sa form na ito, hihingin ang impormasyon tungkol sa:
    - kung kailan gagawin ang paglipat ng tirahan
    - inyong bagong address
    - inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan
    - kung paano sa tingin ninyo maaaring baguhin ang iskedyul ng pagmamagulang at anumang iskedyul ng pakikipag-ugnayan upang tumulong na suportahan ang mga ugnayan ng anak sa mga taong tatanggap ng abiso, kung mangyayari ang pag-relocate

**Tandaan: kahit na lilipat ng tirahan ang isang magulang nang wala ang kanyang anak, kailangan pa rin ng abiso ng pag-relocate. Ito ay dahil maaaring magkaroon ng malaking epekto ang paglipat ng tirahan sa ugnayan ng bata sa magulang na iyon.**

## Mga pagbubukod sa abiso kung natatakot kayo para sa kaligtasan ninyo o ng inyong anak

Kung natatakot kayo para sa kaligtasan ninyo o ng inyong anak, maaari kayong humiling sa korte ng pagbabago sa mga panuntunan sa abiso. Maaari kayong mag-apply sa korte nang hindi sinasabi sa kabilang partido (kadalasan ang isa pang magulang).

Ibinibigay ng *Batas sa Diborsyo* ang halimbawa ng karahasan sa pamilya bilang isang sitwasyon kung saan maaaring pahintulutan ang pagbabago sa mga panuntunan sa abiso. Mangangailangan ang korte ng ebidensya ng karahasan sa pamilya (halimbawa, mga tawag sa 911, ulat sa pulisya, larawan) upang suportahan ang inyong kahilingan para sa pagbubukod sa mga panuntunan sa abiso.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ibigay ang Abiso ng Pag-relocate

### Patuloy na subukang magkasundo

Inaasahan sa *Batas sa Diborsyo* na susubukan ng mga magulang na ayusin ang mga isyung may kinalaman sa kanilang mga anak, kasama ang posibleng pag-relocate ng bata, sa pamamagitan ng paggamit ng mga proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya sa labas ng korte gaya ng negosasyon at pamamagitan, maliban kung hindi ito magiging naaangkop. Karaniwang mas mainam kung ang mga magulang ang gagawa ng sarili nilang solusyon, dahil kayo ang pinakanakakakilala sa inyong mga anak. Maaari ding gumawa ng pasya ang isang hukom na hindi magugustuhan ng isa o dalawa sa inyo.

Maraming salik ang dapat isaalang-alang kapag nag-uusap kung para sa ikabubuti ng bata ang paglipat ng tirahan, kasama ang:

- Kung mangyayari ang paglipat ng tirahan, mayroon bang mga paraan upang mapunan ng magulang na hindi lilipat ng tirahan ang ilan sa mga oras para sa pagmamagulang, halimbawa, dagdag na oras para sa pagmamagulang sa tag-araw at sa iba pang holiday sa paaralan?
- Makakapaghintay ba ang paglipat ng tirahan hanggang sa maging mas matanda na ang anak?
- Maaari din bang lumipat sa bagong lokasyon ang isa pang magulang?

- Kung ang paglipat ng tirahan ay upang sumama sa bagong kapareha ng isang magulang, maaari bang lumipat na lang ang kapareha sa kasalukuyang lugar na tinitirhan ng bata, upang hindi kailangang baguhin ang iskedyul ng pagmamagulang?

**Kung sasang-ayon ang parehong magulang sa pag-relocate ng bata, hindi kailangan ng pagtutol o aplikasyon sa korte.**

Ang taong nagplano ng pag-relocate kasama ang bata ay **maaaring** lumipat ng tirahan sa o pagkatapos ng petsang itinakda sa abiso kung:

1) hindi tumutol sa paglipat ng tirahan ng bata ang isa pang taong may mga responsibilidad sa pagmamagulang na nakatanggap ng abiso sa pag-relocate sa loob ng 30 araw mula noong matanggap ang abiso, at
2) walang utos ng korte na nagsasabing hindi maaaring mangyari ang paglipat ng tirahan.

Bagama't hindi ito iniaatas ng *Batas sa Diborsyo*, maaaring magandang ideya na itakda ang bagong iskedyul ng pagmamagulang at lugar na tinitirhan sa isang na-update na utos ng korte. Kung sasang-ayon kayo at ang isa pang taong may mga responsibilidad sa pagmamagulang, madaling mailalagay sa utos ng korte ang kasunduan. Kung hindi ninyo ia-update ang utos ng korte, maaari itong magdulot ng mga problema sa mga paaralan at iba pang awtoridad, at magiging mahirap ipatupad ang bagong kasunduan, kung kinakailangan.

**Kung hindi kayo sang-ayon sa planong i-relocate ang inyong anak, may dalawang paraan upang tumutol kayo**

Kung hindi kayo sang-ayon sa planong i-relocate ang inyong anak, at hindi kayo magkasundo ng isa pang taong may mga responsibilidad sa pagmamagulang, mayroon kayong **30 araw upang tumutol pagkatapos ninyong matanggap ang abiso**.

May dalawang paraan upang tumutol:

1. maaari kayong tumutol sa pamamagitan ng pagbibigay sa isa pang tao ng mga partikular na detalye tungkol sa inyong pagtutol. Makikita ninyo sa form na **Pagtutol sa Pag-relocate (Objection to Relocation)** ang lahat ng impormasyong dapat ninyong isama sa inyong pagtutol; o

Dalawang punto tungkol sa mga pagtutol:

1. Maaari lang tumutol sa planong i-relocate ang inyong **anak**; hindi maaaring tumutol ang isang magulang sa planong lumipat ng tirahan ng isa pang magulang.

2. Tanging ang taong may mga responsibilidad sa pagmamagulang ang maaaring tumutol. Ang isang taong may utos sa pakikipag-ugnayan ay hindi maaaring tumutol sa planong mag-relocate ang bata. Gayunpaman, maaari niyang hilinging baguhin ang isang utos sa pakikipag-ugnayan kung papahintulutan ang pag-relocate.

2. maaari kayong mag-apply sa korte upang ihinto ang pag-relocate

Kapag tumutol kayo, hindi maaaring mangyari ang pag-relocate hanggang sa magpasya ang isang hukom na para ito sa ikabubuti ng bata.

Sa form na **Pagtutol sa Pag-relocate**, hihilingin sa inyong ipaliwanag:

- na tumututol kayo sa pag-relocate
- kung bakit kayo tumututol
- ang inyong mga pananaw sa mungkahi para sa oras para sa pagmamagulang, pakikipag-ugnayan, at responsibilidad na magpasya

Kung makakatanggap kayo ng **Pagtutol sa Pag-relocate**, o naghain ng aplikasyon sa korte na tumututol sa pag-relocate, **hindi ninyo maililipat ng tirahan ang bata hanggang sa gumawa ng utos ang korte na nagpapahintulot sa paglipat ng tirahan.**

## Paano magpapasya ang korte kung maaari o hindi maaaring mag-relocate ang bata

Ang korte ang magpapasya kung maaari o hindi maaaring mag-relocate ang bata batay sa ikabubuti ng bata.

### Mga salik para sa ikabubuti ng bata

May ilang salik na isasaalang-alang ng korte upang matukoy ang ikabubuti ng bata (tingnan ang fact sheet ng mga kasunduan sa pagmamagulang (parenting arrangements)). Mayroon ding iba pang salik na dapat isaalang-alang ng korte sa isang kaso ng pag-relocate.

Hindi lang iisang salik ang magiging batayan ng pagpapasya sa kaso, at isasaalang-alang ng korte kung paano nalalapat ang bawat isa sa inyong sitwasyon.

Sa isang kaso ng pag-relocate, ang mga karagdagang salik na isasaalang-alang ng korte ay:

1. **Ang dahilan ng pag-relocate** – gugustuhing malaman ng korte kung bakit may planong lumipat ng tirahan. Halimbawa, para ba ito sa bagong trabaho, upang makasama ang bagong kapareha, o upang makapasok ang bata sa isang partikular na paaralan?

2. **Ang epekto ng pag-relocate** sa bata – halimbawa, ano ang mga ugnayan ng pamilya ng bata sa kasalukuyang komunidad at sa iminumungkahing bagong komunidad?

3. **Ang oras para sa pagmamagulang at pagtutuon ng atensyon** na mayroon ang bawat magulang sa bata – gugustuhing malaman ng korte, halimbawa, kung ang bata ay mayroong pantay na matatag na relasyon sa parehong magulang, o kung hindi gaanong napagtutuunan ng atensyon ng isa sa mga magulang ang bata.

4. **Kung sinunod ba ng taong nagpaplano ng pag-relocate ang mga panuntunan sa abiso** – gugustuhing malaman ng korte kung naplano nang mabuti ang paglipat ng tirahan at kung nasabihan ang isa pang magulang at nabigyan ng pagkakataong sumagot sa mungkahi. Kung hindi ninyo susundin ang mga panuntunang ito, maaaring hindi maging maganda ang pagpapalagay ng korte dito.

> ***Tandaan:*** Ang korte ay maaaring magsagawa ng mga pagbubukod sa mga panuntunan sa abiso sa ilang partikular na kaso, halimbawa, kung saan

5. **Kung mayroong utos ng korte, kasunduan, o paggawad sa pamamagitan ng arbitrasyon** na nagsasabing dapat tumira ang bata sa isang partikular na lugar. Halimbawa, kung kayo at ang isa pang magulang ay mayroong kasunduan sa paghihiwalay na nagsasabing dapat patuloy na tumira ang bata sa isang partikular na lungsod, isa itong salik na isasaalang-alang ng korte.

> Ang **paggawad sa pamamagitan ng arbitrasyon** ay isang pasyang ginagawa ng arbitrator (isang tao maliban sa hukom, kung saan sumang-ayon ang mag-asawa na makakapagpasya para sa kanila). Tinutukoy ng mga

6. **Kung makatuwiran ba ang mungkahing baguhin ang kasunduan sa pagmamagulang**. Isasaalang-alang ng korte ang lokasyon ng iminumungkahing bagong bahay ng bata, at gaano kapraktikal at kalaki ang gagastusin upang makapagbiyahe ang magulang na hindi lilipat ng tirahan papunta sa bagong lokasyon ng bata upang magkasama sila. Isasaalang-alang din ng korte kung gaano kadali para sa bata na bumiyahe pabalik sa kanyang dating lugar na tinitirhan. Mahalagang isaalang-alang ang edad at personalidad ng bata, kasama ang mga panuntunan ng airline, tren, at bus tungkol sa pagbiyahe ng mga bata.

7. **Kung sumusunod ba ang mga magulang sa kanilang mga utos ng batas sa pamilya, kasunduan, at paggawad sa pamamagitan ng arbitrasyon.** Halimbawa, gugustuhing malaman ng korte kung ang magulang na nagmumungkahi ng paglipat ng tirahan ay may tinanggihang oras para sa pagmamagulang dati. Maaari itong magpahiwatig ng mga problema sa hinaharap. Maaaring gusto ring malaman ng korte kung ang magulang na ayaw sa paglipat ng tirahan ay dating nabigo na gamitin ang kanyang oras para sa pagmamagulang o hindi nagbayad ng suporta sa anak, na nagdulot sa isa pang magulang ng problemang pinansyal.

### Sino ang kailangang magpatunay kung ang pag-relocate ay para sa ikabubuti ng bata

May dalawa pang panuntunan ang *Batas sa Diborsyo* upang isulong ang stability para sa bata at mabigyan ng patnubay ang mga partido tungkol sa kung paano pagpapasyahan ang mga kaso ng pag-relocate.

#### Pantay na oras para sa pagmamagulang

Kung ang parehong magulang ay may **halos pantay na oras para sa pagmamagulang** sa bata (mayroong halos pantay na responsibilidad para sa pag-aalaga sa bata), dapat patunayan ng taong nagpaplanong mag-relocate kasama ng bata ang balanse ng mga probabilidad (na nangangahulugang mas malaki ang posibilidad na mangyari kaysa hindi) na ang paglipat ng tirahan ay para sa ikabubuti ng bata.

#### Malinaw na pangunahing tagapag-alaga

Kung ang taong nagpaplanong mag-relocate kasama ng bata ay may **malaking bahagi ng oras para sa pagmamagulang** sa anak, dapat patunayan ng isa pang magulang sa balanse ng mga probabilidad (na nangangahulugang mas malaki ang posibilidad na mangyari kaysa hindi) na ang paglipat ng tirahan ay hindi para sa ikabubuti ng bata.

Nalalapat lang ang dalawa pang panuntunang ito kapag:

- itinakda ang kasunduan sa pagmamagulang sa isang utos ng korte, kasunduan, o paggawad sa pamamagitan ng arbitrasyon, at
- sumusunod rito ang mga magulang.

Ito ay dahil, sa mga ganitong kaso, nagpasya na ang korte o ang mga magulang kung ano ang ikabubuti ng bata, at ngayon ay may nagmumungkahing baguhin ang kasunduan sa pamumuhay na iyon.

## Mga gastusin sa pagbiyahe upang tuparin ang oras para sa pagmamagulang

Kung mangyayari ang pag-relocate, maaaring kailanganing bumiyahe nang magkasama ng bata at ng magulang na hindi lilipat ng tirahan, na may mga gastusin, gaya ng pagbiyahe sa pamamagitan ng airline o tren at mga hotel.

Pinapahintulutan ng *Batas sa Diborsyo* ang korte na gumawa ng utos tungkol sa kung hahatiin at paano hahatiin ang mga gastusing ito sa pagitan ng mga magulang.

Mga kaugnay na link

- Paggawa ng Mga Plano: Isang gabay sa mga kasunduan sa pagmamagulang pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo (Making Plans: A guide to parenting arrangements after separation or divorce)
- Ang checklist ng plano sa pagmamagulang (The parenting plan checklist)
- I-access ang tool para sa plano sa pagmamagulang (parenting plan tool)
- Fact Sheet ng Pagmamagulang (Parenting Fact Sheet)
- Diborsyo at Karahasan sa Pamilya (Divorce and Family Violence)
- Pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya: pagresolba sa mga isyu sa batas sa pamilya sa labas ng korte (Family dispute resolution: resolving family law issues out of court)